



ANG

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Bayan

Tomo XLVI Blg. 8

Agosto 7, 2015

www.philippinerevolution.net

Editorial

Biguin ang tangkang pagpilay sa pambansa demokratikong kilusan

Sa tuwirang utos ng US, inilunsad ng rehimeng Aquino at ng mga pwersang panseguridad ng estado ang isang desperadong atake laban sa pambansa demokratikong kilusan. Target ng atakeng ito ang pagdakip o paglikida sa namumunong mga kadre ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), kumander ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), upisyal ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP), pati na ang mga susing aktibista at lider ng hayag na pambansa demokratikong kilusang masa.

Imbing hangarin nito na supilin ang pambansa demokratikong kilusan ng sambayanang Pilipino upang tuluy-tuloy na isagasa ang mga patakarang neoliberal at bigyang-daan ang walang hadlang na pandarambong at pagsasamantala ng dayuhang malalaking kapitalista sa mga darating na taon.

Umigting sa nakaraang mga buwan ang mga operasyong pag-aaresto at paglikida ng rehimeng US-Aquino. Saklaw nito ang buong bansa. Layunin ni Aquino na sa kagyat ay pilayin ang mga aksyong protestang sasalubong sa pagpupulong ng mga lider ng bansang APEC sa Nobyembre. Nais din niyang supilin ang mga pwersang pambansa demokratiko na determinadong ilantad at labanan ang dekompyuter na dayaan na inihahanda ni Aquino sa 2016 upang tiyaking mailuklok ang kanyang tauhan.

Ang paghahanda sa mga espesyal na operasyon ng pag-aaresto at likidasyon ay mula pa noong 2012 nang maglabas ang rehimeng Aquino ng sikretong listahan na naglalaman ng mga pangalan ng 235 mga rebolusyonaryo at aktibista. Pawang sinampahan sila ng mga gawa-gawang kasong kriminal na niluto noon pang nagdaang rehimeng Arroyo. Ang mga nasa listahan ay itinuring na "wanted" na kriminal at mga "high value target" at pinatungnan sa ulo nang kabuuang P466.88 mil-

yon.

Lalong binigyang-diin ni Aquino ang kriminalisasyon ng mga aktibista at rebolusyonaryo, labag sa mga lokal at internasyunal na pamantayan at prinsipyo sa batas at pulitika. Puspulang pinagtataktan ni Aquino ang kanyang ala-Marcos na pampulitikang panunupil sa takot na magudyok iyon ng malawak na protesta at simpatya para sa mga sinisiil. Inilalarawan silang "kilabot" at pinalalabas na ang pag-aaresto at pagpatay sa kanila ay bahagi lamang ng pagsugpo sa kriminalidad.

Ang pag-atake sa mga namumunong komite, kumand at mga organisasyon ay bahagi ng anti-mamamayang mapanupil na digmang Oplan Bayanihan. Pag-uulit ito ng katulad na mga atakeng inilunsad ng



rehimeng Arroyo sa ilalim ng Oplan Bantay Laya I at II. Nakatuon ang atakeng ito sa pagdiskaril ng pagsulong kapwa ng digmang bayan at ng mga pakikibakang masa sa kalunsuran. Kaakibat nito ay ang todo-opensiba ng AFP sa Mindanao mula pa maagang bahagi ng 2014 at iba pang bahagi ng bansa na nagresulta na sa ilampung libong nagbakwit. Walang-habas ang mga pag-atake ng AFP sa mga sibilyan.

Batay sa mga itinakda nitong layunin, bigo ang AFP sa pagkamit ng layunin ng Oplan Bayanihan na ipawalangsaysay ang BHB pagsapit ng katapusan ng 2013, o kahit pa sa katapusan ng 2015. Taun-taon ay nagdedeklara ito ng mga "conflict manageable area" na babawiin din naman paglaon sa harap ng patuloy na paglulunsad ng BHB ng mga taktikal na opensiba sa mga lugar na iyon.

Sa pamumuno ng Partido, patuloy na sumusulong ang digmang bayan sa buong bansa. Kahit sa Mindanao kung saan konsentrado ang mga opensiba ng AFP, patuloy na nahahawakan ng BHB ang taktikal

na inisyatiba at nakapaglulunsad ng mga armadong aksyon at opensiba laban sa kaaway. Patuloy na ibinuwelo ng mga yunit ng BHB sa iba't ibang bahagi ng bansa ang mga taktikal na opensiba laban sa banat na banat na pwersa ng kaaway.

Kung tutuusin, ang mga pagaresto at pagpatay ng rehimeng US-Aquino sa ilang lider at kumander ay mga pasiklab para pagtakpan ang kabiguan ng Oplan Bayanihan sa tangkang gapiin ang rebolusyonaryong paglaban ng mamamayang Pilipino. Bagaman nagdudulot ang mga ito ng panandaliang pagdiskaril ng mga gawain, hindi nito nagagawang hadlangan ang kabuuang pagsulong ng armadong rebolusyonaryong kilusan at mga pakikibaka ng bayan.

Hindi mauubos at patuloy na iluluwal ang bagong mga rebolusyonaryong lider at kumander upang palakasin ang pamunuan ng PKP, BHB, NDFP at mga organisasyong masa. Puspusan silang nag-aaral ng teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at ng paglalapat nito sa pagsusulong ng digmang bayan sa


bansa.


Dapat harapin at puspusang biguin ang todong-atake ng rehimeng US-Aquino. Dapat puspusang ilantad sa loob at labas ng bansa ang isinasagawang kampanyang panunupil, ang pagyurak sa mga karapatang sibil at pampulitika at ang ginagawang tahasang pambaluktot sa mga prosesong ligal. Palakasin ang kilusang masang nagtatanggol sa mga karapatang sibil at buuin ang malawak na hanay ng mga demokratikong pwersa na maninindigan at lalaban sa kampanyang panunupil ng rehimen.

Ang mga kadre at personahe ng Partido sa kalunsuran na tukoy at tinutugis ang pinakabulnerable sa atake ng estado. Dapat pag-ibayuhin nila ang pagtupad ng mga kaparaan ng lihim na pagkilos sa kalunsuran, kabilang ang pagbubuo ng lihim na lambat ng suporta, paglimita ng mga ugnayan at iba pa.

Dapat palakasin ang lahat ng organo ng Partido sa iba't ibang antas upang malalim silang makau-gat, makapagpropaganda, makapag-organisa at makapagpakilos sa masa.

Ang hindi na epektibong makakikilos sa kalunsuran ay mainam nang kumilos sa kanayunan sa mga teritoryong nasa ilalim ng kapang-yarihan ng rebolusyonaryong kilusan. Bukas din ang mga teritoryo ng rebolusyonaryong kilusan para sa mga aktibista at lider-masa na ginigipit ng rehimeng US-Aquino.

Mabibigo ang layunin ng US at rehimeng Aquino na pilayin ang pambansa demokratikong kilusan sa harap ng patuloy na malalim na krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunan. Ang mahigpit na pagsunod ni Aquino sa mga neoliberal na patakarang dikta ng kampanyang mga imperyalistang amo ay nagresulta sa wala pang kapantay na krisis. Ang ibinubunga nitong matinding pagsasamantala at labis na pagdurusa ng mamamayang Pilipino ay nagtutulak sa kanila na tahakin ang landas ng rebolusyonaryong pakikibaka. 

	
Tomo XLVI Blg. 8 Agosto 7, 2015	
<p>Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:</p> <p>www.philippinerevolution.net</p> <p>Tumatanggap ang <i>Ang Bayan</i> ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng <i>email</i> sa:</p> <p>cppinformationbureau@gmail.com</p>	
<h2>Nilalaman</h2>	
Editoryal: Biguin ang tangkang pagpilay sa kilusan	1
Mga personahe ng NDFP, inaresto	3
Hatol ng IPT 2015	5
US, sinasanay ang AFP sa Panay	6
58th IB, nireyd sa Gingoog City	7
75th IB, binigwasan sa NEMR	7
49th IB, sinalakay sa Bicol	7
SONA sinalubong ng protesta	8
Bigkisan ng magniniyog sa Quezon	9
Krisis sa hanapbuhay	9
Pribatisasyon ng POC	10
Pagpapayaman sa PPP	10
Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas	

Mga personahe ng NDFP sa Panay at ST, ilegal na inaresto

Muli na namang binigwasan ng rehimeng US-Aquino ang usapang pangkapayapaan sa pagitan nito at ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa pag-aresto sa isang konsultant at isang istap ng NDFP sa nagdaang dalawang linggo. Bahagi ito ng pina-igting na kampanyang panunupil na tumarget din sa mga aktibista at lider ng mga progresibong organisasyon sa iba't ibang sentrong lunsod. Kasabay nito ang walang lubay na pang-aatake sa mga magsasaka at minorityang nakikipaglaban para sa kanilang lupa at kabuhayan.

Mariing kinundena ni Luis Jalandoni, punong negosyador ng NDFP, ang sunud-sunod na pang-aaresto sa mga konsultant at istap nito. Kinundena rin niya ang Joint Order No. 14-2012 na naglilista ng 235 indibidwal na binansagang "wanted" na mga komunista at ang pinalaking patong sa kanilang mga ulo na umaabot na sa P467 milyon. Ang Joint Order ay inilabas ng Department of National Defense at Department of Interior and Local Government noon pang Nobyembre 2012 at nagsisilbing "order of battle" o OB sa mga nag-ooperasyong pulis at militar. Nagresulta na ang iskemang ito sa nakaparaming paglabag sa JASIG, at ilegal na pang-aaresto, pang-aabuso at pag-detine ng mga ordinaryong sibilyan, dulot ng milyon-milyong pabuya. Ayon sa Karapatan, kumita na ng P55 milyon ang mga sundalo, pulis at huwad na mga saksi mula sa iskemang ito.

Bigwas sa usapang pangkapayapaan. Ilegal na inaresto ng mga tropa ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) VI at Intelligence Service of the Armed Forces of the Philippines si Ma. Concepcion Araneta-Bocala, kilala bilang si Ka Concha Araneta, tagapagsalita ng komite sa rehiyon ng Partido Komunista ng Pilipinas sa isla ng Panay at NDF-Panay, sa Junta Subdivision, Molo, Iloilo City noong Agosto 1.

Hawak ni Araneta ang NDFP Documentation of Identification ND978245 sa ilalim ng pangalang Remi Estrella. Kilala si Araneta bi-

lang mahigpit na kritiko ng rehimeng US-Aquino at sa mapagsamantala at kontra-mamamayang mga patakaran ng estado, laluna sa kriminal na kapabayaang nito sa mga biktima ng superbagyong Yolanda na nagdulot ng matinding pinsala sa Panay. (*Tingnan ang kaugnay na artikulo.*) Inaresto rin ng mga sundalo ang pamangkin niyang si Joseph Cariaga at ang kasama nila sa bahay na si Annielyn Soldevilla. May pabuyang P7.8 milyon ang rehimen para dakpin si Araneta.

Bago nito, inaresto ng pinagsanib na pwersa ng CIDG, Philippine National Police (PNP) at Anti-transnational Crimes Unit si Ernesto Lorenzo, istap ng NDF-Southern Tagalog, noong Hulyo 21 sa Gilmore IT Center sa Quezon City. Si Lorenzo ay may hawak na NDFP Document of Identification ND778299 sa ilalim ng pangalang Lean Martinez. Kasabay ng pag-aresto sa kanya, nireyd ng mga elemento ng AFP ang bahay na tinutuluyan niya sa San Jose del

Monte, Bulacan at inaresto ang kanyang maybahay na si Joyce Latayan. Mahigit 50 sundalo ang sumalakay sa bahay, kung saan naroon din ang kanilang isang-taong gulang na anak na si Julie Alicia.

Sinampahan ng kasong rebelyon, *illegal possession of firearms at multiple murder* si Araneta habang si Lorenzo at ang kanyang asawa ay sinampahan ng mga kasong kriminal tulad ng *destructive arson*. Kapwa saklaw ng Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) sina Araneta at Lorenzo. Sina Lorenzo at Latayan ay kasalukuyang nakadetina sa Camp Crame, habang si Araneta ay ikinulong sa Camp Martin Delgado, himpilan ng PNP-Western Visayas.

Reyd sa Haran Compound. Sinalakay ng mahigit 500 pulis, kasama ang mga sundalo at myembro ng paramilitar na grupong Alamara, ang Haran Compound noong Hulyo 23. Layunin ng reyd na pilitin ang mahigit 700 Lumad na pansamantalang nanunuluyan doon na bumalik na sa kanilang mga komunidad sa kabila ng nagpapatuloy na presensyang militar na dahilan ng kanilang pagbakwit. Umaabot sa 15 Lumad ang nasaktan sa pananalakay. Ang Haran Compound ay pag-aari ng United Churches of Christ in the Philippines (UCCP).

Bahagi ang reyd sa sunud-sunod na pagtatangka ng mga upisyal ng rehimeng US-Aquino, sa pangunguna ng kongresistang si Nancy Caramco, at ng mga upisyal ng 10th



ID, na patahimikin ang mga Lumad at pigilan ang tuluy-tuloy na paglawak ng tinatamasa nilang suporta mula sa iba't ibang sektor at institusyon sa loob at labas ng bansa.

Bago ang reyd, tinanggihan na ng mga Lumad ang alok na sasakyan ni Catamco para ihatid sila sa kanilang mga komunidad sa Talaingod, Davao del Norte at Bukidnon. Halos apat na buwan na silang nakatigil sa Haran.

Noong Hulyo 17, naghasik ng takot si Catamco sa kanilang hanay nang dalhin niya sa dayalogo sa Haran Compound ang mga kinatawan ng 10th ID. Sa una'y nagkunwari pa siyang kaibigan ng mga bakwit pero lumitaw din ang tunay niyang kulay matapos tumanggi ang mga Lumad na bumalik sa kanilang mga komunidad hangga't hindi nililisan ang mga ito ng mga tropang militar.

Binastos niya ang mga Lumad na kinutya niyang "mababaho na" at kinwestyon ang katayuan ng kanilang mga lider. Dahil dito, idineklara siyang *persona non grata* ng mga bakwit at pinagbawalang pumasok muli sa *compound*.

Umani ng mariing pagkundera mula sa UCCP, mga progresibong kongresista at organisasyon at ng malawak na mamamayan ang reyd at ang paulit-ulit na pambibiktima ng mga pwersa ng estado sa mga Lumad. Kasabay nito, balak paimbestigahan sa konsehong panglunsod ng Davao at sa kongreso ang papel ni Catamco kaugnay sa ginawang reyd.

Samantala, noong Hulyo 15, nakipagdayalogo si Datu Tungig-Masim-oy ng Talaingod, kasama ang mga kinatawan ng Karapatan at National Union of People's Lawyers, kay Dr. Chaloka Beyani, United Nations Special Rapporteur for Internally Displaced Persons, sa Quezon City para iparating ang kalagayan ng mga Lumad. Iniabot ng Karapatan kay Dr. Beyani ang dokumentadong mga kaso ng mahigit 60,000 biktima ng sapilitang ebakwasyon sa iba't ibang bahagi ng Mindanao. Kabilang dito ang kaso ng 441 indi-

bidwal, na karamiha'y myembro ng tribung B'laan, na napilitang lumisan sa kanilang komunidad sa Sityo Akbual, Upper Suyan, Malapatan, Sarangani dulot ng walang patumanggang pambobomba, pananakot at interogasyon, at pagpataw ng AFP ng *food blockade* mula pa noong Mayo.

Pinaigting na panggigipit sa mga ligal na aktibista sa Davao. Isinawalat noong Hulyo 15 ng Karapatan ang pambabanta, panggigipit, intimidasyon at surbeylans na isinasagawa ng 10th ID, 10th Civil Military Operations (CMO) Battalion, mga ahente ng Eastern Military Command at CIDG XI kay Hanimay Suazo, pangkalahatang kalihim ng Karapatan-South Mindanao Region, mula Oktubre 2014 hanggang sa kasalukuyan. Isa si Suazo sa 15 progresibong lider na sinampahan ng kaso ng *kidnapping*, *illegal detention* at *human trafficking* kaugnay sa pagbabakwit ng mga Lumad.

Kabilang sa mga operasyong isinagawa ng militar laban kay Suazo ang lantarang pagbuntot ng mga operatiba nitong nakamotorsiklo sa kanyang mga lakad; harap-harapang intimidasyon ng isang upisyalmilitar sa isang dayalogo; tangkang pagpasok sa upisina ng Karapatan-SMR; 24-oras na surbeylans dito; at lantarang intimidasyon sa pamamagitan ng pagtambay ng mga nakamotorsiklong ahente ng militar sa tarangkahan mismo ng upisina.

Kaugnay na kaso ang panloloob ng mga ahente ng militar sa bahay ni Grace Gamalinda, upisyal pang- edukasyon ng Migrante-Davao, noong Hulyo 20. Kabilang si Gamalinda at kanyang anak na

si Arriane sa sinampahan ng mga gawa-gawang kasong katulad ng kay Suazo. Sa isa pang kaso ng intimidasyon, sinundan ng mga ahente ng estado si Cristy Balinawa, istap ng Migrante-Davao, noong Hulyo 27 habang pauwi sa kanyang bahay galing sa Haran Compound. Ayon kay Balinawa, ilang araw nang may nakaparadang sasakyan ng pulis sa harap ng kanyang bahay.

Pasismo laban sa mga magsasaka at minorya. Sa Cagayan, tatlong myembro ng tribong Aggay ang dinukot ng mga elemento ng 17th IB sa Sityo Dalingan, San Juan, Rizal noong Hulyo 20. Ayon sa dokumentasyon ng Karapatan-Cagayan, sinaktan muna ang mga biktima na sina Mendo Visiotan, Marlon Baganay at Lando Duruin bago sila kinaladkad ng mga sundalo palabas ng sityo. Sinipa rin ng mga sundalo ang asawa ni Visiotan na si Jessica nang tinangka niyang pigilan ang mga ito. Bago umalis, hinalughog ng mga tropa ang limang bahay sa komunidad at inakusahan ang mga residente na mga tagasuporta ng Bagong Hukbong Bayan. Matapos ang matagal na paghahanap, nasugsog ng mga kaanak ang mga biktima sa Cagayan *provincial jail* noong Hulyo 23. Sinampahan sila ng gawa-gawang kasong *illegal possession of firearms*.

Sa Negros, nasugatan si Ronel Bariga, myembro ng National Federation of Sugar Workers (NFSW), noong Hulyo 17 nang tambangan siya ng mga bayarang goons ng isang pusakal na panginoong may-lupa habang papunta siya sa Bara-



ngay Igmaya-an sa bayan ng Salvador Benedicto. Naka-sakay noon sa dyip si Bariga, kasama ang kanyang pamangking si Ariel Ceballos, nang paputukan sila ng dalawang lalaking nakamotorsiko. Naniniwala ang NFSW na ang tunay na target ng mga goons ay si Alexander Ceballos, ama ni Ariel, na nanguna sa pagbubungkal ng lupa para sa pagkain sa Igmaya-an. Ang lupang ito, na tinatawag ng mga magsasaka na *land cultivation area* (LCA o lugar ng bungkalan), ay ibinenta ni Nehemias de la Cruz, dating mayor ng Salvador Benedicto, kay Eduardo "Danding" Cojuangco, tiyuhin ni Benigno Aquino III.


Bago ang tangkang pagpatay, binantaan na ng mga goons na papatayin nila sina Alexander at 11 pang manggagawang bukid. Binantaan din sila ng anak ni de la Cruz na kakasuhan para patalsikin sa lupa sa isang kumprontasyon sa upisina ng Provincial Agrarian Reform Office noong Hulyo 14.

Mula pa 2013, binubungkal na nina Ceballos at 50 pang myembro ng NFSW ang 25-ektaryang lupang inangkin ng mga de la Cruz. Tinamnan nila ito ng palay, mais, kasaba at saging para sa pang-araw-araw na konsumo ng kanilang mga pamilya. Ang lupa ay bahagi ng 771 ektaryang inagaw ng mga de la Cruz mula sa mga magsasaka sa pamamagitan ng intimidasyon, pamamalang at samutsaring ligal na maniobra sa panahong naghari ang kanilang angkan sa lokal na pulitika.

Sa Ifugao, tuluy-tuloy ang intimidasyon at pagba-

banta ng militar kay Nonoy Bungtiwen, isa sa mga pinuno ng Ifugao Peasant Movement (IPM) at konsehal ng Barangay Tulludan sa bayan ng Tinoc. Mahigpit na tinututulan ni Bungtiwen at ng IPM ang proyektong Quadraver na naglalayong magtayo ng isang *hydroelectric power plant* sa kanilang lugar. Noong Hulyo 19, nagpasa ng resolusyon ang konseho ng Tulludan para kundenahin ang pagbabanta kay Bungtiwen at ipatigil ang malisyosong pag-uugnay sa kanya sa Bagong Hukbong Bayan.

Sa kaugnay na balita, kinundena ng mga residente ng kalapit na Barangay Tukucan ang tangkang panunuhol ng Quadraver kay Joseph Calabson, kapitan ng barangay, para papirmahin siya sa *memorandum of agreement* (MOA) na bahagi ng proseso ng pagkuha ng *free prior and informed consent* (FPIC) ng mga katutubo sa lugar.

Binawi ng mga residente ang naunang MOA na pinirmahan nila matapos malaman ang saklaw ng pinsala ng proyekto sa kanilang lupa at kabuhayan. Pinangkuan ng Quadraver si Calabson na itataas nito ang kanyang sweldo, gayundin ang mga sweldo ng iba pang upisyal, kung pipirma sila sa bagong MOA at matutuloy ang operasyon ng Quadraver sa Tinoc. Tumanggi si Calabson at sa halip ay nagpatawag ng asembliyang pambarangay noong Hulyo 12. Dito, muling pinagtibay ng mga residente ang desisyong pagsarhan ng pinto ang proyekto. Ang Quadraver ay subsidiyaryo ng isang kumpanyang pagmamay-ari ng pamilyang Ayala. 

Aquino at US, hinatulang nagkasala sa IPT 2015

Walang kaduda-dudang nagkasala—ito ang hatol kay Benigno Aquino III at sa gobyerno ng US sa mga kaso ng paglabag sa mga karapatang pulitikal at sibil ng mamamayang Pilipino, sa kanilang mga karapatang pang-ekonomya at sosyal-kultural, at sa kanilang karampagan sa pagpapasya-sa-sarili. Ito ang inilabas na desisyon ng International People's Tribunal na isinagawa noong Hulyo 16-20 sa Washington, D.C. Dininig ng tribuna ang 34 kaso, na may 32 testigo, na isinampa ng iba't ibang grupo.

Ibinaba ng tribuna ang hatol na ang mga ebidensyang isinumite ay pumapasa sa pamantayan ng katibayan at na ang mga ito ay "naglalalatag ng malinaw na batayan" para isakdal at panagutin si Benigno Aquino III at ang gobyerno ng US para sa mga krimen nito sa mamamayang Pilipino. Ang IPT ay isang independyenteng lupon binubuo ng mga abugado at eksperto sa karapatang-*tao*.


Ayon sa tribuna, ang mga paglabag sa karapatang-*tao* ay hindi paisa-isang nangyari kundi mayro-

ong malinaw na padron, laluna sa konteksto ng pagpapatupad ng gobyernong Aquino ng Oplan Bayanihan, na "ipinatutupad katuwang ang gobyerno ng US."

Kabilang sa mga nagbigay ng testimonya sa tribuna ang asawa ni Arnold Jaramillo na si Cynthia. Isinalaysay ni Jaramillo ang resulta ng awtopsiya sa kanyang asawa at kanyang mga kasamahan na nagpatunay na dumanas sila ng matinding tortyur at brutalidad bago sila malapitang pinaslang ng mga sundalo noong 2014 sa isang kubkob sa

Lacub, Abra noong 2014. Tumestigo rin si Earl John Antivo, ang 8-taong gulang na kapatid ni Roque Antivo. Napaslang si Roque nang walang patumanggang pinagbabaril ng mga sundalo ang kanilang komunidad noong Abril 2013.

Ang hatol ng IPT ay isusumite sa upisina ng prosekusyon ng International Criminal Court at sa mga korte sa America, Europe, Africa at Asia kung saan maaaring litisin si Aquino at ang gobyernong US.

Noon namang Hulyo 15, tumestigo ang mga Pilipinong tagapagtugyod ng karapatang-*tao* sa Tom Lantos Human Rights Commission ng US Senate para isalaysay ang mga pang-aabuso at iba pang paglabag sa karapatang-*tao* ng mamamayang minorya sa Cordillera, Sierra Madre at Mindanao. Ipinaalala ni Bishop Solito Toquero, isa sa mga tumestigo, sa komisyon na noong 2007 ay dumulog na rin sila rito para hinging itigil ng US ang ayudang militar nito sa Pilipinas. 

Tropa ng US, sinanay ang AFP para sa APEC—Ka Concha

Ilang tropang Amerikano ang itinalaga sa Panay para sa “inter-operative” na pagsasanay ng mga tropa ng AFP na magbibigay ng seguridad sa darating na pulong ng Asia-Pacific Economic Cooperation (APEC). Ito ay ayon sa pahayag ni Ka Concha Araneta, tagapagsalita ng National Democratic Front (NDF)-Panay na inilabas ilang araw bago ang State of the Nation (SONA) ni Benigno Aquino III.

Ayon kay Ka Concha, “Dinoble ng rehimen ang bilang ng regular na tropang militar sa Panay sa harap ng paparaming bilang ng mamamayang nagpuprotesta sa lansangan at upang labanan ang lumalakas na pwersa ng BHB. May mga pagkaka-taong umaabot sa 2,000-3,000 pwersa ng PNP (Philippine National Police) ang reimporsment ng rehimen upang bigyang-seguridad ang APEC at mga pagbisita ng presidente sa Panay.”

Isa ang Panay sa pinili ng rehimen na maging lugar para sa iba't ibang pulong ng APEC. Sa tulak ni Sen. Franklin Drilon, masugid na tagasuporta ni Aquino, ipinatayo ang convention center sa Iloilo para lamang dito. Batbat ng anomalya at korapsyon ang itinayong gusali pero pinagtatakpan ito ng rehimen. Kabilang din sa mga lugar na pagdarausan ang Boracay, Aklan, kung saan ang buong pwersa ng pulis ay sinanay ng US. Nakatakda sa Nobyembre ang APEC leaders meeting.

Dagdag pa ni Ka Concha, “Naganap na at gaganapin pa ang ilang ministeryal na antas na mga kumperensya kabilang na ang tungkol sa *capital-infrastructure* (mga patakarang nagpapadali ng pagpasok ng pamumuhunan at pag-uwi ng tubo), pribat-

tisasyon ng maliliit at panggitnang industriya at ibayong pagsasamantala sa bughaw na ekonomya (ng dagat).”

“Pinalalahok tayo, sa pamamagitan ng pagiging punong-abala ng APEC, sa pagpapalano sa pagpapakontrol sa dayuhang kapital ng ating kabuhayan, sa pagbebenta ng ating patrimonya, at pagkakalugi ng maliliit at panggitnang industriya sa pamamagitan ng pagsubkontrah sa kanila upang makapiga ng mas dambuhalang tubo ang malalaking lokal at dayuhang korporasyon. Ang ating nasaid nang dagat ay ibayo pang sasairin para sa mas dambuhalang tubo ng malalaking dayuhang pabrika ng isda.”

Pangalawa sa pinakamalaking produkto ng Panay ang isda. Nangunguna ang palay at ikatlo ang asukal.

Binatikos din ni Ka Concha ang malawakang importasyon ng bigas at asukal na nagpabagsak sa kabuhayan ng mga magsasaka. Tinuligsa

rin niya ang rehimen ng Aquino sa labis na atrasadong paglalabas ng Emergency Shelter Assistance (ESA). Aniya, marami pa ngang hindi rin nakatanggap ng ESA dahil ibinulsa ng mga pulitiko.

Pinuna rin ni Ka Concha ang engrangdeng proyektong Jalaur River Dam, na


bukod sa napakalaking panganib sa mamamayan sa ibaba nito ay lumilikha pa ng napakalaking utang na papasanin ng mamamayan. Ang planong Jalaur Dam ang pinakamalaking dam sa labas ng Luzon, at pinopondohan ng P11 bilyong utang mula sa South Korea.

Dagdag pa niya, “ang lahat ng nabanggit sa itaas ay nagpapatibay lang sa determinasyon ng mamamayan na ibagsak ang rehimen ng US-Aquino.”

Samantala, kinundena ni Ka Oris, tagapagsalita ng NDF-Mindanao, ang mga kasinungalingang inilako ni Aquino sa kanyang huling SONA.

Ayon kay Ka Oris, “sa sunud-sunod na mga papet na rehimen, si Aquino ang pinakahuling *upgrade* sa pagpapatupad ng mga patakarang neoliberal sa bansa na nagsadlak ng mamamayan sa katakut-takot na karalitaan. Ang tunay na paglago ng ekonomya ay imposible sa ilalim ng paghahari ni Aquino III dahil ayaw niyang magpatupad ng reporma sa lupa o magtatag ng pambansang industriyalisasyon. Dagdag pa, ang mga higanteng kumpanyang agribisnes tulad ng DOLE, Del Monte at Sumifru, ay ibayo pang nagpalawak ng kanilang mga plantasyon sa Mindanao, na umaagaw ng dagdag na lupa mula sa mga magsasaka, kabilang na ang mga Moro at mamamayang Lumad, at nagsasamantala sa mga manggagawang bukid.”

Aniya, “ang pagbibigay-diin sa modernisasyon ng AFP at PNP ay nangangahulugan ng pagpapatindi ng militar na kampanyang panunupil ng OPB. Gayunpaman, sadyang hindi binanggit ni Aquino ang mga ginawa ng kanyang administrasyon na paglabag sa karapatang pantao tulad ng mga ekstrahudisyal na pagpatay sa 229 na biktima mula 2010 hanggang 2014, na sa Mindanao pa lamang ay 85 na, mga pilit na ebakwasyon, pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso, pilit na pagsasara ng ilang mga paaralan ng komunidad at marami pang iba.”





58th IB, nireyd ng BHB sa Gingoog City

Isang K3 *light machine gun* at isang M203 *grenade launcher* ang namsam ng Eastern Misamis Oriental-Northeastern Bukidnon (EMONEB) Subregional Command sa matagumpay na reyd nito laban sa isang peace and development team (PDT) ng 58th IB sa Brgy. Alagatan, Gingoog City, noong Hulyo 11, 2015. Nakahimpil ang naturang PDT sa barangay hall ng Alatan.

Nasorpresa ang tinatayang sampung sundalo na pinamumunuan ni 1st Lt. Valiente Palomino nang salakayin sila ng isang platun ng BHB habang naglalaro ng basketbol. Inabot ng 20 minuto ang palitan ng putok na nagresulta sa pagkamatay ng isang sundalo, pagkasugat ng pito pa at pagkadakip kay Pfc. Adonis Jess M. Lupiba. Isang Pulang mandirigma ang nasugatan. Liban sa dalawang malakas na

armas, nakasamsam din ang BHB ng dalawang *ammunition vest*, tatlong *machine gun ammunition link*, 12 40mm amunisyon at dalawang bakpak. Mabilis na nakatras ang BHB sa lugar. Sa kabilang banda, ikinalu-

lungkot ng BHB-North Central Mindanao Region ang pagkasugat ng dalawang sibilyan—sina Helen Mae Helodo, 14-taong gulang, at Leticia Cabrera. Kagyat na nabigyan ng paunang lunas ang mga sugat ng dalawa at nadala sa ospital. Ayon kay Ka Allan Juanito, tagapagsalita ng BHB-NCMR, handa ang BHB na tugunan ang kanilang mga gastusing medikal. Sa huling ulat, ligtas na ang dalawa.

Idineklara rin ni Ka Allan bilang *prisoner-of-war* (POW o bihag-ng-digma) si Pfc. Lupiba (Serial No. 863573). Noong Hulyo 22, inendorso ni Ka Luis Jalandoni, punong negosyador ng National Democratic Front of the Philippines, ang rekomendasyon ng NDF-NCMR na simulan ang negosasyon para sa ligtas at

mabilis na pagpapalaya sa kanya. Noong Hulyo 28, naglabas ng bidyo ang BHB-NCMR kung saan ipinahayag mismo ni Lupiba na mahusay siyang inaaruga ng mga Pulang mandirigma at na hindi siya sugatan, tulad nang ipinagkakalat ng militar. Nasa pangangalaga siya ngayon ng isang *custodial unit* ng BHB na tumitiyak sa kanyang kagalingan at mga karapatan. AB



75th IB, binigwasan

LIMANG sundalo ang napatay at dalawa ang nasugatan sa magka-hiwalay na labanan sa pagitan ng BHB at mga tropang militar sa Surigao del Sur at Agusan del Norte noong Hulyo 23, 2015, ilang araw bago ang State of the Nation Address ni Aquino.

Sa Barangay Doña Carmen, Tagbina, Surigao del Sur, dalawang tropa ng 75th IB ang napatay nang tambangan sila ng mga Pulang mandirigma mula Front 14.

Alas-9:30 ng umaga naman, sa Sityo Zapanta Valley, Bangayan, Kitcharao, Agusan del Norte, dalawang Scout Ranger ang napatay nang ambusin sila ng BHB-Front 16. Isa pang sundalo ng 29th IB ang napatay alas-2:35 ng hapon sa lugar ding iyon.

Bilang ganti sa ambus ng BHB, dalawang eroplanong panggera ang naghulog ng walong bomba at dalawang MG-520 *attack helicopter* ang nagpasirit ng di-mabilang na mga *rocket* at nagpaulan ng kalibre .50 *machine gun* bandang alas-4:55 ng hapon sa araw na iyon. Dalawang beses bumalik ang Huey *helicopter* sa Zapanta Valley upang sagipin ang mga tinamaang sundalo. AB

49th IB, sinalakay sa Camarines Norte

SIYAM ang kumpirmadong patay at isa ang malubhang sugatan sa isinagawang harasment ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Sta. Elena, Jose Panganiban noong Hulyo 20.

Bandang alas-10 ng umaga nang salakayin ng mga mandirigma ng Armando Catapia Command (ACC) ang kampo ng CAFGU at 49th IB bilang tugon sa hiling ng taumbaryo na parusahan ang mga abusado at mangingikil na tropa. Sa labanan, namartir si Romeo Gresola (Ka Gomar), na tubong Bulacao, Gubat, Sorsogon. Pinakamataas na parangal ang iginawad ng National Democratic Front-Bicol sa kanya.

Noong Hulyo 19, sinunog ng mga Pulang mandirigma ang kampo ng Charlie Coy ng 49th IB sa Barangay Dumagmang, Labo habang nasa operasyon ang mga sundalo.

Samantala, pinarusahan ng Celso Minguez Command si Recto Maglaque Jr., isang elemento ng Civilian Army Auxillary ng 22nd IB sa Magallanes, Sorsogon noong Hunyo 25. Nagsilbing giya si Maglaque sa mga operasyong militar sa lugar, kabilang ang pagkubkob ng 31st IB sa pwesto ng mga kasama sa Barangay Tagas, Magallanes noong Abril 2. AB

SONA ni Aquino, sinalubong ng malawakang protesta



Hulyo 27, ilampung libong mamamayan ang nagrali sa Commonwealth Avenue, Quezon City, upang isiwalat ang kasinungalingan ng ikaanim at huling SONA ni Benigno Aquino III at ipahayag ang kanilang matinding galit sa kanyang rehimen. Sa panawagang “tapusin ang korap, walang-kakayahang, elitista at mapanupil na pamumuno ng rehimeng US-Aquino”, dumalo ang mga manggagawa, magsasaka, at iba’t ibang sektor ng lipunan kabilang ang mga estudyante, kababaihan, migrante, katutubo at mga guro.

Idinaos ang rali sa gitna ng mga pagbabanta at panggigipit sa mga lider ng demokratikong organisasyon at sa makapal na barikada ng mga pulis, *container van* at mga *concertina wire* (alambreng may matalim na blade) na ipinangharang sa mga raliyista.

Tanghali pa lamang, binomba na ng tubig ang mga magsasakang mula sa Southern Tagalog at Gitnang Luzon sa bigong pagtatangka ng mga pulis na buwagin ang martsa. Itinulak ng mga nagrali mula sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) ang ilang mga *container van* na humarang sa kanilang pagmartsa.

Binatikos ng mga raliyista ang ipinamamaraling “Daang Matuwid” at nagsabing dapat nang tapusin ang pamumuno ni Aquino. Ayon kay Renato Reyes, pangkalahatang kalihim ng Bayan, “Maaalala ang rehimeng Aquino sa sumusunod na mga bagay: korapsyon ng *pork barrel*, ang ilegal na Disbursement Acceleration Program, ang kawalang-tugon bago at pagkatapos ng Yolanda, ang insidente sa Mamasapano, ang araw-araw na paghihirap ng mga pasahero ng tren, ang pagbabalik ng mga base militar ng US sa pamamagitan ng EDCA, ang may kinikilingang paghahabla sa mga kaso sa korapsyon, huwad na repona sa lupa, kawalang-trabaho na pinakamataas sa kasaysayan sa kabila ng tinaguriang paglago [ng ekonomya], ang kalagayan ni Mary Jane Veloso at ang pagtatayo ng pamahalaang barkadahan.”

Pagkatapos magtalumpati ni

Aquino, tumayo ang mga kinatawan ng progresibong mga partido sa loob ng bulwagan ng kongreso at ihinarap kay Aquino ang mga istrimer na may nakasulat na “mapang-aping asendero”, “pahirap sa mga manggagawa at kawani”, “tagalabag ng karapatang-tao”, “pork barrel king”, “serbisyo palpak”, at “tuta ng Kano”.

Sa Baguio City, naglunsad ng piket-rali ang mamamayan sa harap ng *city hall*. Nilahukan ito ng Cordillera Peoples Alliance at iba pang progresibong organisasyon.

Ilang araw pa bago ang SONA, sunud-sunod na ang mga kilos protesta sa iba’t ibang dako ng bansa.

Noong Hulyo 23, inilunsad ng KMP ang ‘Kadenang Magsasaka’, isang serye ng mga kilos protesta kabilang na ang *noise barrage*, *human chain* at iba pang aktibidad sa buong Luzon upang itampok ang tunay na kalagayan ng mga magsasaka bago pa ipahayag ni Aquino ang kanyang huwad na SONA.

Noong Hulyo 24, itinanghal ng mga artista, katulong ang Karapa-

tan, ang End Impunity Alliance at mga kamag-anak at kaibigan ng mga bilanggong pulitikal ang isang eksibit na pinamagatang “POR-TRAYAL: Faces For Freedom” sa Maximillian Gallery, Quezon City. Ang mga mukha ng bilanggong pulitikal ay nilaman ng mahigit 50 *painting*, *digital art*, at mga dibuho upang pabulaanan ang taguri ng rehimeng Aquino sa kanila na mga kriminal at makiisa sa panawagang palayain sila.

Noong Hulyo 21, alas-12 ng tanghali, sabayang kumanta ng Bayan Ko ang mga bilanggong pulitikal sa iba’t ibang bilangguan sa buong bansa. Lumahok sa koordinadong protesta ang mga detenido mula sa mga bilangguan sa Metro Manila, Eastern Visayas, Negros, Bohol, Caraga at Southern Mindanao.

Noong Hulyo 29, ilang araw pagkatapos ng SONA, naglunsad ng piket sa harap ng kapitolyo ng Nueva Vizcaya sa Bayombong ang mga taga-Cagayan Valley na kasapi ng Alyansa ng Novo Viscayanos Para sa Kalikasan at mga progresibong organisasyon.

Kinundena nila ang ekstra-hudisyal na pamamaslang sa mahigit 150 magsasaka at iba pang paglabag sa karapatang-tao sa rehiyon. Ipinahayag din nila ang pagtutol sa Oceana Gold sa Didipio, Kasibu at FCF Mining sa Runruno, Quezon.

Nagpahayag ng pakikiisa ang mga magsasakang apektado ng malakihang dayuhang pagmimina sa Cordon, Isabela. AB



Bigkisan ng magniniyog, inilunsad sa Quezon

Inilunsad ng mga progresibong organisasyon ng magsasaka sa niyugan, sa pangunguna ng Coco Levy Funds Ibalik sa Amin (CLAIM), ang isang linggong serye ng mga kilos-protesta sa prubinsya ng Quezon noong Hulyo 20-27.

Noong Hulyo 20, umabot sa 5,000 magniniyog ang lumahok sa mga pagkilos sa iba't ibang bayan ng prubinsya. Ito na ang pinakamalaki at pinakamalaganap na pagkilos ng mga magsasaka sa niyugan ng Quezon sa nakaraang mahigit 30 taon.

Pinakamalaki ang nagtipon sa Catanauan kung saan mahigit 2,000 magniniyog ang nag-assembly at nagkapit-bisig sa tabing kalsada. Tinawag nila itong "Bigkisan ng Magsasaka sa Niyugan ng Quezon Para Baiin ang Coco Levy Funds." Napuno nila ang may halos 2-kilometrong kalsada.

Sa San Francisco, mahigit 1,000 magniniyog ang lumahok sa "Bigkisan." Kapanabayan nila ang delegasyon mula Central at South Quezon na nagpiket-rali sa harapan ng kapitolyo habang dinidinig ng Sangguniang Panlalawigan ang usapin ng *coco levy funds*.

Sa araw ding iyun, daan-daang estudyante mula sa Southern Luzon State University at Enverga University ang lumabas sa kanilang mga silid-aralan at nagkapit-bisig bilang pakikiisa sa mga magniniyog.

Tampok sa "Bigkisan" ang paglalalag ng State of the Magniniyog Address noong Hulyo 21. Dito, inilahad ng CLAIM ang tunay na kalagayan ng mga magsasaka sa niyugan sa prubinsya.

Nagtipon ang may 1,300 magniniyog na lumahok sa "Bigkisan" sa isang kampuhan sa Perez Park sa Lucena City bago lumuwas ng Kamaynilaan noong Hulyo 23. Noong Hulyo 24, tumungo ang mga magniniyog sa embahada ng US sa Maynila bago nagpiket sa upisina ng United Coconut Planters Bank sa Makati. Noong Hulyo 25, naglunsad sila ng pagkilos sa Mendiola. Kinabukasan, nagpiket sila sa harap ng bahay ng pamilyang Aquino sa Times St., West Triangle, Quezon City. Sa araw ng SONA noong Hulyo 27, sumama sila sa malaking rali sa Commonwealth Avenue. Kinabukasan, Hulyo 28, tumungo sila ng Camp Crame para kundenahin ang marahas na pambubuwag ng mga pulis sa kanilang hanay sa nakaraang araw. AB

Krisis sa hanapbuhay sa ilalim ni Aquino



I dineklara ni Aquino sa kanyang SONA na bumaba sa 6.8% ang tantos ng disempleyo sa Pilipinas, na diumano'y pinakamababa na sa nagdaang isang dekada.

Iginiit din ni Aquino na lumii ang bilang ng mga manggagawang Pilipino sa ibang bansa (OCW) at na marami sa kanila'y umuwi ng Pilipinas dahil nahikayat na dito maghanap ng trabaho.

Ayon sa pag-aaral ng grupong Ibon Foundation, isang grupong mananaliksik, wala pang kapantay ang dinaranas ngayong krisis sa hanapbuhay. Sa taya ng grupo, ang bilang ng walang hanapbuhay ay lumaki ng di bababa sa 100,000 habang ang bilang ng kulang sa trabaho ay lumaki ng di bababa sa isang milyon. Ang bilang naman ng mga manggagawang mayroon lamang trabahong *part-time* ay nadagdagan ng 1.5 milyon.

Pinalalabas ng datos ng guberno na mayroon lamang 2.68 milyong walang hanapbuhay. Pero sa taya ng Ibon, nasa 4.3 milyon ang walang hanapbuhay (10.2%.) Wala itong ipinagkaiba sa 10-12% tantos ng disempleyo mula pa taong 2000. Dagdag dito, mayroong 7.9 milyon ang kulang ang hanapbuhay. Sa kabuuan, umaabot sa 12.2 milyon o 29.12% ng pwersa ng paggawa ang wala o kulang ng trabaho. Ito na ang pinakamataas na bilang ng mga wala at kulang sa trabahong Pilipino na naitala ng mga estadistika ng guberno.

Ang taya na ito ay nakabase sa pagsusuri sa mga datos na inilabas din ng guberno. Mas malaki pa

dito ang aktwal na bilang at tantos ng disempleyo dahil hindi isinama sa inilabas ng National Statistics Office ang datos mula sa Eastern Visayas, kung saan pinakamalala ang epekto ng superbagyong Yolanda sa kabuhayan ng mamamayan. Bago sumalanta ang bagyo, lampas 500,000 o kalahating milyong mamamayang naninirahan dito ang walang trabaho.

Upang paliitin ang tantos ng disempleyo, ibinaba ng gubyernong Aquino ang basehang bilang ng pwersa ng paggawa. Nagawa ito sa pamamagitan ng paglaglag o hindi pagsama sa mga indibidwal na hindi na naghahanap ng trabaho dahil nawalan na sila ng pag-asang makahanap ng mapagtatrabahuan. Sa bagong pamantayang ito, napaliit ng rehimen ang bilang ng mga manggagawang kabilang sa pwersa ng paggawa mula 65.2% noong Abril 2014 tungong 64.6% ngayong taon (o 1.5 milyong indibidwal).

Malala pa, malaking bahagi ng binibilang ng gubyernong Aquino na may hanapbuhay ay binubuo ng mga trabahong *part-time* at mababa ang kita sa impormal na sektor.



Noong 2014, ipinagmamalaki ng guberno na may 1.2 milyong bagong nalikhang trabaho. Ang totoo, 90% nito o 918,000, ay mga trabahong "part time" o kulang sa 40 oras sa isang linggo. Mahigit 60% nito (605,000) ay nagtatrabaho ng kulang sa 20 oras kada linggo.

Sa kabuuang 38.3 milyong Pilipinong itinuturing ng guberno na "may trabaho", 15.5 milyon dito o 40% ay "part-time" lamang.

Pinalalabas din ni Aquino sa kanyang SONA na nabawasan nang mahigit 400,000 ang bilang ng mga migranteng manggagawa mula 2011, dahil nahikayat na diumano silang umuwi para dito maghanap ng trabaho. Ang totoo, tuluy-tuloy ang pangingibang-bansa ng mga migranteng Pilipino. Noong 2014, umabot sa 4,500 kada araw ang bagong trabaho na nasa ibang bansa, malayong mas malaki sa 2,800 na araw-araw ay bagong lokal na trabaho. Karanihan sa mga migranteng umuwi ay naobliga dahil sa krisis sa iba't ibang bansa at hindi dahil sa mga trabahong nilikha sa guni-guni ni Aquino. AB

5 taong pagpapayaman sa programang PPP



Sa huling State of the Nation Address ni Aquino, ipinagmamalaki niya ang 50 proyektong Public-Private Partnership (PPP) ng kanyang rehimen. Aniya, 10 na ang aprubado, 13 ang nasa proseso ng *bidding* at 27 pa ang nakapila. Mula sa mga proyektong ito, P64.1 bilyon diumano ang mapupunta sa kaban ng bayan bilang premium o "prima". Ang totoo, wala o minimal ang mapupunta sa guberno at taumbayan mula sa mga proyektong ito. Sa halip, lalo pang lalaki ang gagastusin ng guberno, at ng mamamayan, dahil dito.

Nakasentro sa tatlong malalaking burgesya kumprador lamang ang mga kontrata ng 10 aprubadong proyekto. Tatlo rito ang iginawad sa San Miguel Corporation (SMC) at mga subsidyaryo nito. Ang SMC ay pag-aari ng tiyuhin ni Aquino na si Eduardo "Danding" Cojuangco. Limang kontrata naman ang ibinigay kay Henry Sy, may-ari ng SM at Banco de Oro, sa pamamagitan ng kanyang kumpanyang Megawide Construction. Ang pinakamalaking proyekto, ang pagkukumpuni ng Light Rail Transit 1 Extension (LRT1), ay iginawad sa grupong Salim/Metro Pacific Investment Corporation (MPIC) at ng katuwang nitong kumpanya ng pamilyang Ayala. Nagkakahalaga ito

ng P65 bilyon, sangkatlo ng pinagsanib na halaga ng aprubadong mga proyekto. Dalawa pang ibang proyekto ang hawak ng mga Ayala, gayundin ng MPIC na pinamumunuan ni Manuel Pangilinan.

Kalokohan ang pahayag ni Aquino na "ang primang natanggap natin mula sa mga kumpanyang katuwang sa PPP, ... napupunta naman po sa kaban ng ating bayan." Sa proyektong LRT1 pa lamang, mahigit 54% ng kabuuang gastos ang direktang sasagutin ng guberno. Sa kabuuang P64.9 bilyong gastos ng proyekto, sasaluhin ng estado ang P34.9 bilyon, kabilang ang para sa pambili ng lupa, dagdag na mga bagon, civil works at konstruksyon ng mga depots o paradahan ng mga tren. Dagdag dito, ang insentibong inilakip ni Aquino sa kontrata na tatamasain ng grupong Ayala-Pangilinan ay ang hindi pagbabayad ng buwis nang hanggang P64 bilyon. Sa isang proyekto pa lang, doble ang mababawi ng mga korporasyon sa sinasabing "primang matatanggap" ng guberno sa lahat ng 10 proyekto. Anumang salaping "papasok" sa isang kamay, babawiin sa kabila.

Katunayan, naglaan ang gubernong Aquino ng P59 bilyon sa pambansang badyet para sa mga proyektong PPP noong 2014. Ang pinakamalaking bulito nito (P30 bilyon) ay nakalaan sa programang "risk management" na gumagarantiya sa kita ng mga pribadong kumpanya.

Liban sa mga lokal na burgesya kumprador, tatabo ng kita ang mga

Pribatisasyon ng POC: Para sa kita, hindi serbisyo

ISA sa apat na proyektong PPP na nakatutok sa pribatisasyon ng mga pampublikong ospital ang naigawad na ni Aquino. Nasa kamay na ng Megawide Construction Corporation ni Henry Sy at World Citi Consortium ng pamilyang Guico ang kontrata para sa pagsasaayos at pagpapatakbo sa Philippine Orthopedic Center (POC), ang nangungunang ospital sa mga sakit sa buto sa bansa. Sa kontratang nagkakahalagang P5.7 bilyon, isasara ang POC sa kasalukuyan nitong lokasyon sa Sta. Mesa Heights sa Quezon City at magtatayo ng bagong mga gusali na papangalanganang Center for Bone and Joint Disease, Trauma and Rehabilitation Medicine sa tabi ng National Kidney and Transplant Institute sa East Avenue, Quezon City.

Kasalukuyang nagseserbisyo ng libre ang POC sa 450-500 maralitang pasyente kada araw at itinatatalaga ang 85% ng mga kama nito sa mga pasyenteng serbisyo (*charity*). Sa ilalim ng maneydsment ng Megawide, 10% na lamang ang ilalaan sa mga pasyenteng serbisyo. Itataboy ang daan-daang pasyenteng may sakit sa buto na nanggagaling pa mula sa iba't ibang dako ng bansa. Gayundin, ang paglipat ng POC sa East Avenue ay papabor sa layuning mag-alok ng turismong medikal, o paninilbihan sa pasyenteng dayuhan para sa mas malaking kita. AB

dayuhang konsultant na kokontra-tahin nila para sa mga disenyo at teknikal at administratibong kaalaman. Kikita rin nang milyun-milyon ang mga kumpanyang pagkukunan ng batayang mga materyales—mula sa konstruksyon, industriyal at teknikal na kagamitan (equipment and hardware) at teknolohiya -- na buu-buong aangkatina mula sa malalaking dayuhang kumpanyang kasosyo ng mga lokal na burukrata.

Taliwas sa bukambibig ng rehimen, hindi magdudulot ng mas mahusay na serbisyo, modernisasyon ng mga pasilidad at mas mababang presyo ng serbisyo ang proyektong PPP. Sa halip, itataas nito ang mga singil at presyo dulot ng iskemang "user pays" (magbabayad ang gumagamit) kung saan direktang kukunin sa kumukonsumo ng serbisyo ang buong gastos ng pagpapatakbo ng negosyo.

Pinag-ibayong pribatisasyon

Nakabalangkas ang programang PPP sa bangkaroteng doktrina ng neoliberal na globalisasyon. Sa ilalim nito, pinaarangkada ng rehimeng US-Aquino ang mahigit tatlong-dekadang nang pribatisasyon ng pampublikong utilidad. Buu-buo nitong ibinebenta ang mga daan, paliparan, daungan, tulay, tren at iba pang sistema ng transportasyon, sistema ng tubig, ospital at eskwelahan, sa mga lokal na burgesya kumprador at kanilang dayuhang kasosyong kumpanya.

Alinsunod sa dogma ng neoliberalisyon na "bukas na pamilihan" kung saan wala o minimal ang "interbensyon ng estado sa pagpapatakbo ng ekonomya," isa-isang hinawi ni Aquino ang mga regulasyon at batas na balakid sa pagkamal ng supertubo ng lokal at dayuhang kapitalistang "nag-uunahan" na "sumali" sa programang PPP.

Pagkaupo sa pwesto, inianunsyo ni Aquino na titiyakin ng kanyang rehimen ang tubo ng mga kumpanyang papasok sa mga kasunduan sa programang PPP. Tinawag niya itong "regulatory risk guarantee,"

isang probisyon sa mga kontrata na noon pa ma'y kinikwestyon na ng mga progresibong organisasyon.

Noong 2012, inamyendahan ni Aquino ang Implementing Rules and Regulations (IRR o mga alintuntumin sa pagpapatupad) ng batas na sumasaklaw sa mga proyektong Build-Operate-Transfer (BOT) para iligalisa ang diwa ng "regulatory risk guarantee." Alinsunod dito, ginagarantiyahan ng gubyerno ang kita ng kumpanya mula sa pinagkasunduang singil ng serbisyo nito sa kontrata, kahit pa may pagtutol o taliwas na desisyon ang sariling mga ahensya nito. Anumang pagbababa ng singil sa serbisyo ay pupunan ng gubyerno. Sa diwang ito ang probisyong "deficit payment scheme" sa kontrata sa pagitan ni Aquino at ng Salim/MPIC/Ayala para sa LRT1.

Noon ding 2012, nilikha ni Aquino ang Alternative Dispute Resolution (ADR) sa pamamagitan ng Executive Order No. 78. Sa ilalim nito, lahat ng mga alitan o sigalot na may kinalaman sa isang proyektong PPP ay huhusgahan sa ADR, at hindi sa mga lokal na korte. Hindi bukas sa publiko ang pagdinig at mga desisyon ng ADR.

Nitong 2015, itinutulak ni Aquino na ipasa ang panukalang PPP Law na mag-aamyenda sa 26-taong Build-Operate-Transfer Law. Palalakasin ng panukalang ito ang hiwahiwalay na mga kautusan at batas na sumasaklaw sa programang PPP. Kabilang dito ang pagpapakitid ng awtoridad ng mga korte, at ng publiko sa pangkalahatan, sa mga desisyon kaugnay sa mga proyekto.

Sa ilalim ng panukala, hindi na maaaring maglabas ang mga lokal na korte ng *temporary restraining order* (TRO o kau-

tusan para pansamantalang tumigil) at *preliminary injunction* (panimulang atas ng pagpigil) laban sa mga desisyon ng mga kumpanyang nagpapatakbo ng mga proyektong PPP. Sinumang hurado na lumabag dito ay maaaring tanggalin sa hukuman at haharap sa mga kasong kriminal at sibil. Tanging ang Korte Suprema ang maaaring maglabas ng mga TRO, at hindi maaaring magtagal nang lampas anim na buwan ang bisa ng mga ito.

Dagdag pa, lilikhain ng panukalang PPP ang Contingent Liabilities Fund (CLF) na magmumula sa utang panlabas at mga rekursong lokal. Magsisilbing istableng pondo ang CLF para tiyak na matutugunan ng gubyerno ang mga obligasyong pampinansya nito sa mga pribadong kumpanya. Kabilang sa gagarantiyahan nito ang anumang pagkautang ng pribadong mga mamumuhunan. Isa sa mga kontratang may probisyong CLF ang P69.3 bil-yong proyekto para sa paglalata ng MRT-7 na iginawad kay Cojuangco. Samantala, ang dating "deficit payment scheme" ng kontrata para sa LRT1 ay tatawagin nang Viability Gap Funding (VGF).

Liban sa CLF at VGF, pahihintulutan ng panukalang PPP Act na sagutin ng gubyerno ang mahigit 50% o kalahati ng gastos sa proyekto. Bilang dagdag na insentibo, hindi na magbabayad ang mga kumpanya ng buwis tulad ng amilyar at singil ng lokal na pamahalaan. **AB**

